

Pangalan _____ Petsa _____ Marka _____

Mga Uri ng Pang-uri

Isulat sa patlang ang uri ng pang-uri na may diin sa bawat pangungusap. Tukuyin kung ito ay **panlarawan**, **pantangi**, o **pamilang**. Para sa karagdagang puntos, tukuyin ang uri ng bawat pang-uring pamilang.

1. Ang Bagyong Lawin ay ang **pangalawang** bagyo na nanalasa sa Pilipinas sa loob ng isang linggo. _____
2. Ang Bagyong Lawin ay nagdala ng **napakalakas** na hangin at buhos ng ulan sa mga lalawigan sa Hilagang Luzon. _____
3. Batay sa isang ulat, humigit sa **isang daan at walumpu't anim na libong** tahanan ang napinsala o nawasak ng Bagyong Lawin. _____
4. Halos **kalahati** pa lang ng mga linya ng komunikasyon sa rehiyon ng Cordillera at Region II ang gumagana. _____
5. Humigit sa **sampung bilyong** pisong pananim ang napinsala sa Pilipinas dulot ng Bagyong Karen at Bagyong Lawin. _____
6. Napaghandaan nang maigi ng pamahalaan at ng **sambayanang Filipino** ang pagdating ng Bagyong Lawin. _____
7. Nang binalaan sila ng mga awtoridad, pumayag na lumikas ang **masusunurin** na mamamayan na nakatira sa may dalampasigan. _____
8. Kami ang **ika-sampung** mag-anak na dumating at nagpalipas ng gabi sa *evacuation center*. _____
9. Sa bawat tawid ng bangka sa ilog, **apat-apat** ang mga tao na naililikas.

10. **Tatatlong** pamilya na lang ang hindi pa makabalik sa kanilang mga tahanan.

11. Ang mga pamilya sa *evacuation center* ay binigyan ng **tigalawang** bag na may pagkain at bigas. _____
12. Halos **pitumpu't walong** porsiyento ng mga bahay sa Cagayan at Isabela ay nawasak ng bagyo. _____
13. Ang Bagyong Haima ay tumungo sa **bansang Tsina** pagkatapos nitong manalasa sa Pilipinas. _____

Mga Uri ng Pang-uri

Mga Sagot

1. **pangalawang** = pamilang; panunuran
2. **napakalakas** = panlarawan
3. **isang daan at walumpu't anim na libong** = pamilang; patakaran
4. **kalahati** = pamilang; pamahagi
5. **sampung bilyong** = pamilang; pahalaga
6. **sambayanang Filipino** = pantangi
7. **masusunurin** = panlarawan
8. **ika-sampung** = pamilang; panunuran
9. **apat-apat** = pamilang; palansak
10. **Tatatlong** = pamilang; patakda
11. **tigawalang** = pamilang; pamahagi
12. **pitumpu't walong porsiyento** = pamilang; pamahagi
13. **bansang Tsina** = pantangi